

KASAPI


ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG CARD MBA

IKA-18 ANIBERSARYO NG CARD MBA, IPINAGDIWANG



Ipinagdiwang ng CARD Mutual Benefit Association, Inc. ang ika-18 anibersaryo ng pagkakatatag ng samahan noong nakaraang Setyembre 5 hanggang 6 kasabay ng paghahalal ng mga bagong Lupon ng Patnugot. Makikita sa larawan ang panunumpa ng mga Lupon ng Patnugot sa pangunguna ni CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento. Ang mga bagong halal na Lupon ng Patnugot ay sina Minerva M. Arcullo na may boto na 1,531,918, Fidela C. Gabatin na may boto na 1,196,660, Rosalie R. Barandino na may boto na 1,127,278, Violeta G. Aquino na may boto na 1,101,808, Hean D. Rosales na may boto na 931,687, at Analie R. Marasigan na may boto na 922,818. Sila ay magsisilbi sa loob ng dalawang (2) taong termino

Radio Guesting sa programang “Kabalikat sa Pagbabago” ng DWLC Lucena: Radyo ng Bayan na tumalakay sa microinsurance noong Hulyo 20, 2017 sa pangunguna ni Deputy Director for Operations (Luzon 1) Aristopher Punzalan.



PARES

Sampung pares ang ikinasal sa pamamagitan ng serbisyong Mass Wedding noong Hulyo 12, 2017 sa bayan ng Bay, Laguna. Ang mga kasapi ay mula sa branch ng CARD Bank Bay at San Pablo sa pangunguna ng Laguna 1 Provincial Office.

BAGONG BUKAS NA PROVINCIAL OFFICE

Binuksan ng CARD MBA ang ika-52 na Provincial Office noong Agosto 15, 2017 sa Laoag City, Ilocos Norte. Ito ay sumasakop sa mga unit offices ng CARD, Inc (41 units), CARD Bank Laoag Branch (9 units), at Build-Operate-And-Transfer Progra (BOAT) partners (Bagnos at Caunayan MPC) na bumubuo sa 70,651 aktibong kasapi. Ito ay bilang pagtugon sa layunin na maihatid ang serbisyo at makapagsilbi ng maayos sa mga kasapi at kawani ng CARD MFIs sa nasasakupan nito.



MEMBERSHIP AT CLAIMS UPDATE


4,023,388
Aktibong Kasapi


14,561,235
Bilang ng nakaseguro



435,384 Naiprosesong Claims
PHP 821,858,828.38
Nabayaranang benepisyo mula Enero hanggang Setyembre 2017



CDRAP
68,354
Family Packs



Mass Wedding
68
Pares

92.76%



Nabayaranang Claims sa loob ng
8-24 Hours
Claims Strategy

EDITORIAL BOARD:

Editor in-Chief: **May S. Dawat**

Associate Editor: **Jennifer O. Redublo**

Writers / Lay-out Artists: **Cristy C. Enriquez** and **Ivan Atendido**

Contributors: **Vincent M. Saltorio** and **Claims & Technical Support Department**